
1

# Filipino

## Ikaapat na Markahan Modyul 11: Natutukoy ang Gamit ng Maliit at Malaking Letra




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 11: Natutukoy ang mga Gamit ng Maliit at Malaking**
**Kompetensi: Natutukoy ang Gamit ng Maliit at Malaking Letra**
**Competency Code: F1AL-IVb-7, Quarter 4 Week 11**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatan sa sipi ng anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayun pa man, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaang naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-ariin iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kupyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
PangalawangKalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuosa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| Manunulat | : | Jovylyn G. Panilagao |
| Editor | : | Fe G. Buccahan, Felimendo M. Felipe |
| Tagasuri | : | Ronald T. Bergado |
| Tagaguhit | : | Jovylyn G. Panilagao |
| Tagalapat | : | |
| Tagapamahala: | | Estela L. Carino<br>Rhoda T. Razon<br>Octavio V. Cabasag<br>Rizalino G. Caronan<br>Roderic B. Guinucay<br>Jorge G. Saddul, Sr.<br>Felimendo M. Felipe<br>Fe G. Buccahan |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** _______________________

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 11:

### Natutukoy ang Gamit ng Maliit at Malaking Letra

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Panimulang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 1 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Natutukoy ang Gamit na Maliit at Malaking Letra.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ang gurong tagapagdaloy at upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Sa tulong ng araling ito, umaasang makakaugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto sa mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon ding itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

### *Mga Tala para sa Guro*

Ang kakayahan sa pakikinig ay isa sa mga napakahalagang matutuhan ng mga bata. Hinihikayat ang mga nakatatanda na gabayan ang mga mag-aaral sa pagkukuwento sa mga bata upang mahubog sila sa pakikinig.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mga mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan sila ng pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mga mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino I ang Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Paggamit ng Naunang Kaalaman o Karanasan sa Pag-unawa ng Napakinggang Alamat.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahaging dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |

*Subukin*

Sa pagsusulit na ito, makikita kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.

*Balikan*

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang aralin sa naunang leksyon.

*Tuklasin*

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.

*Suriin*

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.

| | |
|---|---|
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawain para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa mga pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pagpuno sa patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung ano ang natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng mga gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawaing naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | | |
|---|---|---|
| | *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| | *Susi saPagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mga mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.

5. Tapusin ang kasalukuyang Gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin ang lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga Gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kaming, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na kompetensi. Kaya mo ito!

# Alamin

Ang modyul na ito ay ginawa para sa batang katulad mo na nasa unang baitang upang matututuhan mong matukoy ang mga kailanan ng pangngalan. Ang mga gawaing matatagpuan sa modyul na ito ay inaasahang makatutulong sa iyo upang makilala at magamit nang wasto ang mga pantukoy na ang at ang mga.

Ang modyul na ito ay tumutugon sa:

- Tamang gamit ng maliit at malaking letra

Pagkatapos ng mga Gawain sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Matutukoy ang tamang gamit ng maliit at malaking letra

## Subukin

Bilugan ang mga letrang nakasulat sa malaking letra.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| B | c | A | g | D | P | s | L |
| K | N | x | B | y | R | i | M |

Bilugan ang mga letrang nakasulat sa maliit na letra.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| f | H | c | n | m | G | h |
| k | Y | z | r | o | U | v |

## Balikan

Pag-aralan ang pagkakasulat ng unang letra ng mga salita sa Hanay A at Hanay B.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| bata | Jovylyn |
| nanay | Maria Paz |
| barangay | Sto. Domingo |
| guro | Arnel B. Panilagao |
| bansa | Pilipinas |

Bigyan ng tiyak na pangalan ang mga sumusunod na nabanggit na salita sa Hanay A. Isulat ang iyong sagot sa Hanay B.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| mag-aaral | |
| lolo | |
| barangay | |
| ate | |
| kaibigan | |



*Mga Tala para sa Guro*
*Ang modyul na ito ay tumutugon sa aralin tungkol sa pagtutukoy ng gamit ng maliit at malaking letra. Ang mga Gawain na naiatang para sa bata ay maaring maging gabay ng guro sa pagbibigay ng mga karagdagang gawain upang mahubog ang bata sa pagtutukoy sa gamit ng maliit at malaking letra.*

# Tuklasin

Basahin ang maikling kuwento.



**Si Alota**

(Ni: Jovylyn G. Panilagao )

Si Alota ay anak ni Pacita Cruz. Siya ay nakatira sa Mangandingay. Siya ay nag-aaral sa Paaralang Elementarya ng Sto. Domingo.

Siya ay isang batang mahilig sa mga tanim na cactus. Makukulay ang mga tanim niyang cactus na nanggaling pa sa Baguio. Kasama niya lagi ang kanyang pinsan na si Salome sa pag-aayos ng mga ito.

Mga Tanong:

1. Sino ang batang mahilig sa tanim na cactus?
2. Saan siya nakatira?
3. Ano ang pangalan ng nanay niya?
4. Saan nanggagaling ang mga tanim niyang cactus?

# Suriin

Paano nakasulat ang mga pangalan ng tao?
Paano nakasulat ang pangalan ng mga lugar?
Paano nakasulat ang unang letra ng bawat pangunusap?

Ginagamit ang malaking letra sa mga sumusunod:

*a. Sa simula ng tiyak na pangalan ng mga tao*

Halimbawa: Paz, Merly, Ismael, Alex

*b. Sa simula ng pangalan ng partikular na lugar*

Halimbawa: Sto. Domingo, Saguday, Gundaway

*c. Sa simula ng unang salita ng bawat pangungusap*

Halimbawa:

Mag-aral kayong mabuti.

Linising mabuti ang ating kapaligiran.

# Pagyamanin

Gawain 1

Tukuyin ang may tamang pagkakagamit ng malaki at maliit na letra. Lagyan ng tsek ( √ ) ang may tamang gamit at ekis ( X ) kung hindi tama ang pagkakagamit ng letra.

________1. Pilipinas

________2. mario

________3. Josefa

________4. natapos na ang kanyang gawain.

________5. Quirino

________6. arnel

________7. cabarroguis

________8. Santiago

________9. yesha

_______10. Abala ang mga doktor sa paggamot sa mga pasyente.

## Isaisip

Ginagamit ang malaking letra sa simula ng bawat pangungusap, sa tiyak na ngalan ng tao at pook o lugar.

## Isagawa

Muling isulat ang mga naibigay na salita o pangungusap. Gamitin nang tama ang malaking letra.

1. jose
2. mario
3. alejo
4. isabela
5. naubos na ang mga face mask at face shield sa pamilihan.

## Tayahin

Iguhit ang masayang mukha ☺ kung tama ang gamit ng malaki at maliit na letra at malungkot na mukha ☹ kung hindi tama ang gamit ng malaki at maliit na letra.

________1. Jose

________2. cabarroguis

________3. Carmelita

________4. Sto. Domingo

________5. hugasang mabuti ang mga kamay ninyo bago kumain.

## Karagdagang Gawain

1. Isulat ang pangalan ng mga kasama ninyo sa inyong bahay.
2. Isulat ang pangalan ng inyong barangay.

# Susi saPagwawasto

## Subukin

Gawain 1

B D A
K R L

Gawain 2

f c n h k

z r o v

## Balikan

(Depende sa sagot ng bata. Tignan kung tama ang gamit sa malaking letra)

## Pagyamanin

1. √
2. X
3. √
4. X
5. √
6. X
7. X
8. √
9. √
10. √

## Isagawa

1. Jose
2. Mario
3. Alejo
4. Isabela
5. Naubos ang mga face mask at face shield sa pamilihan.

## Tayahin

1. ☺
2. ☹
3. ☺
4. ☺
5. ☹

# *Sanggunian*

Lydia B. Liwanag, (1999). Landas sa Wika at Pagbasa,Patnubay ng guro para sa Unang Baitang (ng paglilimbag). Book Media Press, Inc.

**Para samgakatanungan o puna, sumulat o tumawagsa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph